DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.198

# Pagsusuring Kritikal sa Kwentong Bayan ng mga Piling Lungsod, Ikalawang Distrito, Lalawigan ng Bohol

**LANIE R. MERENCILLO**
Department of Education, Cabanugan National High School, Cabanugan, San Isidro, bohol

***Corresponding Author:*** *lanierestificar@gmail.com*

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: October 26, 2023
Revised: January 5, 2024
Accepted: March 8, 2024
Publication: April 2024

***Keywords***— kwentong bayan, pagsusuri, panitikan, tema, simbolo, salindila

Sa pagkukwento, nangingibabaw ang kultura at paniniwala ng bawat isa, na sumasalamin sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Gumamit ang pag-aaral na ito ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik, kung saan nalikom ang mga kwentong bayan mula sa mga piling lungsod ng Ikalawang Distrito sa Bohol sa pamamagitan ng triangulation method, na kinabibilangan ng paunang pananaliksik sa mga nailathalang kwentong bayan. Ang mga tauhang may mataas na estado sa lipunan ay nagsisilbing batayan sa magandang ugali, na kadalasang nakikita sa kanilang mga espesyal na kakayahan na nagbibigay ng inspirasyon sa paggawa ng kabutihan. Mahalaga ang mga tagpuan o lugar ng historikal na kaganapan sa pagkakabuo ng mga kwentong bayan ng mga Boholano, kung saan umiikot ang mga tagpo na naglalarawan ng karaniwang pamumuhay, paniniwala, at mga pagdiriwang na bahagi ng kanilang mayamang kultura. Makikita sa bawat kwentong bayan ang simbolismo na nagpapahiwatig ng kaugalian at paniniwala ng mga Boholano, na bumubuo sa kanilang kultural na pagkakakilanlan at nagsisilbing gabay sa kanilang pamumuhay. Ang mga kwentong ito ay hindi lamang nagsasalaysay ng nakaraan, kundi nagiging lunsaran din ng pagkatuto sa mga pagpapahalaga na kinakailangan para sa holistikong pag-unlad ng

© Lanier R. Merencillo (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

isang indibidwal. Ang mga kwentong bayan ay naglalarawan ng mga tradisyon at moral na aral na ipinapasa mula sa isang henerasyon tungo sa iba. Ang kultural na kamalayan ay lumalago sa mga kwentong bayan, na humuhubog sa moral at kultural na pananaw ng mga Boholano, at nagiging mahalagang bahagi ng kanilang pagkatao. Batay sa nakalap na datos, ang mga kwentong bayan ay nagpaunlad sa kaalaman ng mga Boholano sa kanilang kasaysayan at kultura, na nagbibigay ng konteksto sa kanilang kasalukuyang pamumuhay. Sa madaling salita, mas mauunawaan ng mga mamamayan ang kanilang mga kinagisnan at pamumuhay noon sa pamamagitan ng mga kwentong bayan, na nagbibigay-liwanag sa kanilang kasaysayan at nagpayaman sa kanilang kamalayang kultural at moral, na mahalaga sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga Boholano at mga Pilipino.

## INTRODUKSYON

Sa pagkukwento, nangingibabaw ang kultura at pinaniniwalaan ng bawat isa. Nasasalamin ang kaganapan noon, naisasalaysay ang kasalukuyan at naaasahan ang kaganapan sa hinaharap. Naipamamana ng mga katutubo ang iba't ibang kwento sa pamamagitan ng pagsasalindila at sa paglapat nito sa ating buhay. Bago pa man dumating ang mga mamanakop na naghatid sa atin ng relihiyon ay mayroon nang iba't ibang paniniwala na kanilang pinahahalagahan. Dahil sa hindi maipaliwanag na mga pangyayari, nabubuo ang koseptong naipapasa sa pamamagitan ng pagkukwento.

Ayon kay Dundes (2007) inilarawan niya ang mga uri ng panitikan (mito, alamat, tula, kwentong bayan, kawikaan, kasabihan, at iba pa) bilang isang paniniwala, kinaugalian, tradisyon at ang karanasan ng isang henerasyon bilang isang pangkat na mayroong makaparehong salik sa pasalindilang tradisyon man o sa pagtanggap nito bilang kasapi. Nangangahulugan lamang ito na ang mga ninuno ay mayroong pamana hindi lamang sa mga panitikan kundi pati na rin sa kasaysayan. Sa pamamagitan ng mga kwentong mula sa mga nakatatanda, nakabubuo ng isang repleksyon mula sa nakaraan ang bagong henerasyong pinagpasahan nito. Isang salamin sa uri ng pamumuhay at pagpapaliwanag sa mga pinagmulan ng mga bagay-bagay na pinaniniwalaan ng karamihan.

Sa Oral Tradition Theory ni Walter Ong (1983) (Foley, 2019), isinalaysay niya ang pagsasalita bilang nangungunang pamamaraan ng pakikipagtalastasan. Ang oral tradition ay tumutukoy sa pabago-bago at iba't ibang pasalita-pandinig na pamamaraan sa pag-unlad, pag-imbak at paghahatid ng kaalaman, sining at mga ideya. Ipinapahiwatig lamang dito na ang Oral Tradition ay pagsasalaysay tungkol sa buhay, pakikipagsapalaran, pag-iibigan, paniniwala, adhikain at karanasan ng mga sinaunang Pilipino na nagpalipat-lipat sa bibig ng bawat tao. Ang pasalindilang uri ng pakikipagkomunikasyon ang nagbigay ng ideya at kaalaman na siyang naging batayan tungo sa pag-unlad ng mga ninuno. Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral sa pamamagitan ng paglikom ng mga kwentong bayan nakaimbak sa isang komunidad na inalam

ng mananaliksik at sinuri batay sa tradisyon ng mga Pilipino at pagpapahalang moral na matatagpuan sa kwentong bayan ng mga lungsod na kasangkot sa pag-aaral.

Batay sa pagpapahalaga ni Horace sa Teoryang Moralistiko, may naibibigay na dalawang bagay ang isang akda. Ito ay ang aliw o dulce na kaligayahang naipadama ng akda at ang aral o utile na kaalamang naibibigay ng akda. Itinuturing ang toeryang Moralistiko bilang tagaakay sa tao sa mabuting landas. Masasabing ang kwentong bayan ay akdang moralistiko sa panahon ng mga katutubo (Santos at Tayag, 2011).

Sa pag-aaral na ito, hindi lamang ang elemento ng kwentong bayan ang itinatampok kundi pati na rin ang tradisyong Pilipino at pagpapahalagang moral na mayroon ang kwentong bayang kasangkot sa pag-aaral. Sinubok ng pag-aaral na ito na masuri ang utile o aral na makikita sa akdang pamapanitikan.

Ayon kay Sidney Simon, ang Values Clarification Theory (1984) ay isang paniniwala na lahat ng desisyon o pagpipili ay nakabatay sa kung ano ang pinaniniwalaan, kaugalian at pagpapahalaga sa buhay. Sa pamamagitan ng mga pangyayari na nagpapakita ng papahalaga, nagkakaroon ng pagkakakataon ang indibidwal na makilala ang kanyang personal na pinaniniwalaan na may salik sa kanyang pagdedesisyon (Phi Delta Kappan, 2022). Ipinapahiwatig dito na sa pagkakaroon ng desisyon, ang paniniwala, kaugalian at pagpapahalaga ay isinasalang-alang sapagkat ito ay pinananaligan at nagkaroon na ito ng rehistro sa kanyang kalaaman. Sa pag-aaral nito ang mga piling kwentong bayan, mahalagang malaman ang mga paniniwala, kaugalian at pagpapahalaga na nakapaloob o nabuo upang matukoy kung paano ito nagkaroon ng kaugnayan sa pagpapahalagang moral at tradisyong Pilipino.

Batay sa dyornal ni Ismail (2019), ang paggamit ng mga kwentong bayan bilang midyum sa pagtuturo ng wikang Ingles sa mga mag-aaral sa SMA Muhammadiyah Kalosi-Enrekang bansang Indonesia. Ang pagbabasa ng mg kwentong bayan sa wikang Ingles ay maaring magpabuti sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa paggamit ng mga kwentong bayan, nabibigyan ang mga mag-aaral ng tunay at lantad na kagamitang pampagtuturo na nagbibigay sa kanila ng tamang pagpapakahulugan sa emosyon man o sa kanilang sarili. Samakatuwid, ang mga guro at mga mag-aaral ay dapat na magkaisa sa pagpapaunlad ng wika at bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa.

Sa kabila ng mayamang pamana ng kultura ng Bohol, mayroong malaking kakulangan sa mga pag-aaral na kritikal na sumusuri sa mga kwentong bayan mula sa ikalawang distrito ng lalawigang ito. Ito ay nag-iiwan ng puwang sa pag-unawa sa mga natatanging katangian at tema na naroroon sa mga kuwentong ito. Ang mga umiiral na pag-aaral sa mga kwentong bayan ng Pilipinas ay kadalasang nakatuon sa mas kilalang mga rehiyon tulad ng Luzon at Visayas, na binabalewala ang mga natatanging kwento at pahayag ng kultura na matatagpuan sa hindi gaanong napag-aaralang mga lugar ng Bohol, partikular sa mga piling lungsod ng ikalawang distrito. Bukod dito, may kakulangan ng komprehensibong pananaliksik na nag-eeksplora kung

paano ang mga sosyo-politikal at kasaysayan ng ikalawang distrito ng Bohol ay nakakaapekto sa nilalaman at mga aral na moral ng mga kwentong bayan nito. Ang kakulangang ito ay nagbubunga ng pagkawala ng mga oportunidad upang tuklasin ang mas malalim na pananaw sa pagkakakilanlang kultural at mga pagpapahalagang panlipunan ng rehiyon.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na malaman ang mga itinatampok na mga kwentong bayan sa ikalawang distrito ng Bohol at masuri batay sa mga sumusunod na elemento – tauhan, tagpuan, tema, at simbolismo. Ninais din na masuri ang mga nangibabaw na kwentong bayan sa bawat lungsod batay sa kulturang Pilipino at pagpapahalagang moral.

Inaasahan din na may mabubuong mungkahing disenyo ng aralin ay kapapalooban ng mga gawain, pamamaraan sa pagtuturo gamit ang mga kwentong bayang nakalap. Ang makakalap na mga kwentong bayan sa gagawing pag-aaral ay isang instrumento hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro upang maging batayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang kwentong bayan na unti-unting nalilimot ay mabibigyang-pansin at magagamit. Kung kaya, layon ng mananaliksik na alamin at pag-aralan ang ang mga kwentong bayan sa mga piling lungsod sa ikalawang distrito: lalawigan ng Bohol upang mapanatiling buhay ang lokal na panitikan ng mga Pilipino. Ang pag-aaral na ito ay magiging instrumento sa pagpapahalaga ng panitikang naipamana ng ating mga ninuno at nakatatanda na magpapaunlad ng kultura at panitikan sa lalawigan. Pangalawa, upang maipakilala at mabahagi ang mga kwentong bayan at magkaroon ng kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga kwentong bayan.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ang mga kwentong bayan sa mga piling lungsod ng Ikalawang Distrito sa lalawigan ng Bohol ay nalikom sa pamamagitan Triangulation method kung saan ginawa ang paunang pananaliksik sa nailathala o nailimbag na kwentong bayan ng mga piling lungsod. Kasunod ang pakikipanayam gamit ang mga gabay na katanungan sa mga limang (5) nakatatandang mamamayan sa bawat lungsod na pasok sa krayterya sa pagpili ng impormante. Pangatlo, ang pagsasakatuparan sa pagkabalido ng ginawang pag-aaral. Ginamit ang pagsusuring kritikal kung saan ang nakalap na mga kwentong bayan ay hinati sa iba't ibang bahagi at sinuri batay sa tauhan, tagpuan, tema, simbolismo, kulturang Pilipino at pagpapahalagang moral. Ang pananaliksik na ito ay isang kritikal na pagsusuring pampanitikan kung kaya hindi na kailangan ang istatistikal na pagsusuri.

Ang mga impormante ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling na kung saan ay maghahanap ang mananaliksik ng mga impormante na may magkakatulad estado na naaayon sa krayterya o purpose ng pag-aaral. Pumili ang mananaliksik ng mga nakatatanda na may gulang na animnapo (60) pataas

at tatlumpong taong pataas nang naninirahan sa lugar na kinabibilangan. Kumuha ng tiglilimang impormante sa bawat lungsod at pinasagutan ang mga talatanungan at kinapanayam ang mga ito. Ang mga impormanteng ito ang kukumpirma kung mayroon ba nasabing lugar ang isang kwentong bayan. Isa rin sa inalam ng mananaliksik ay ang koneksyon ng bawat impormante sa karakter ng mga kwentong bayan na nadokumento. Makikita sa transkripsyon na nasa apendiks ang ugnayan ng mga impormante sa mga karakter na makikita sa mga kwentong bayan ng mga piling lungsod ng Bohol. Sa bawat lungsod ay pumili ng tiglilimang (5) senior citizen ang mananaliksik. Ang kabuuang bilang ng mga senior citizen sa walong piling lungsod ay apatnapu (40).

Ang mga katutubong Pilipino na pinagkunan ng datos ay nagmula sa ikalawang distrito ng Bohol -- Buenavista, Carmen, Getafe, Inbanga, Sagbayan, San Isidro, at Talibon, at Ubay. Ang mga ito ang napili ng mananaliksik sa kadahilanang nakatira ito mismo sa ikalawang distrito. Mas mapapadali ang a ng mga datos kung malapit sa tirahan ng mananaliksik. Ang mga ito ay napili ng mananaliksik upang mas maging balido ang pagkuha ng mga datos at mas maging patas ang paglikom ng mga kwentong bayan dahil sa lahat ng distrito ay may kani-kanilang lungsod na pagkukunan.

Ang ginamit na instrumento sa pagsusuri ay ang mga nailimbag na mga na kwentong bayan mula sa mga piling lungsod sa ikalawang distrito ng Bohol. Ang mga lungsod na ito ay ang Buenavista, Carmen, Getafe, Inabanga, Sagbayan, San Isidro, at Talibon, at Ubay. Pinili ang mga lungsod na kasangkot sa pag-aaral batay sa pamantayan na nabanggit sa lugar ng pag-aaral. Ang mga nalikom na kwentong-bayan sa mga lungsod na nabanggit ay ang naging datos sa pananaliksik na binigyan ng pagsusuri. Naglilimita lamang sa mga piling lungsod na mga ito sa kadahilanang hindi na matukoy ang mga tao na nakakaalam na mayroong tiyak na kwentong bayan sa isang lungsod. Pinili ang mga kwentong bayang ito dahil may mga impormante na masasabing buhay na saksi sa salindilang kwentong bayan sa kanilang lugar.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ang bahaging ito ay naglalahad, nagsusuri at nagpapakahulugan sa mga kwentong bayan ng mga piling lungsod sa ikalawang distrito sa lalawigan ng Bohol.

### I. Ang mga Tauhan sa mga Kwentong Bayan ng Ikalawang Distrito ng Bohol

Sa pagsusuring ginawa sa mga kwentong bayan mula sa Buenavista, Dagohoy, Danao, Inabanga, Sagbayan, San Isidro, Pres. Carlos P. Garcia, at Ubay, natukoy ang mga mahalagang tauhan sa bawat kwento. Sa Buenavista, si Ikang at ang buwaya ay sentro ng kwentong "Cangawa", na nagmula sa salitang "Ikang, guwa". Sa Dagohoy, si Francisco Sendrijas, kilala rin bilang Dagohoy, ay isang matapang na mandirigma na nagpasimula ng

pinakamahabang pag-aalsa laban sa mga Kastila. Sa Danao, si Dagohoy ay kilala rin sa kanyang pakikipaglaban at pagtatago sa mga kuweba. Sa Inabanga, ang mga supernatural na nilalang sa Makaban Cave ay nagpapahiram ng mga kagamitan at nagpapakita ng kanilang presensya sa pamamagitan ng mga liham. Sa Sagbayan, ang mga puting engkanto ay mabubuting nilalang na tumutulong sa mga mamamayan. Sa San Isidro, sina Dalmacio at ang kanyang mga anak ay nakatagpo ng imahen ni Sta. Ana at nagpatunay ng himala. Sa Pres. Carlos P. Garcia, si Erong ay isang kilalang indibidwal na pinagbatayan ng pangalan ng lugar. Sa Ubay, si Doňa Berudja ay isang makapangyarihang babae na may anting-anting, nagpapakita ng matriarchal system sa kanilang pamayanan. Ang bawat kwento ay naglalarawan ng mga tauhang nagbibigay kahulugan at kulay sa kanilang mga lugar, mula sa makasaysayang tauhan hanggang sa mga engkanto at supernatural na nilalang.

Sa pangkalahatan, ang nangingibabaw na mga tauhan sa mga sinuring kwentong bayan ay sina Ikang, Buwaya, Francisco Dagohoy, mga supernatural na nilalang, si Dalmacio at mga anak na sina Emiliana at Florentina, Erong, at si Dona Berujda, Toribio Reyes, at Doña Rosalia Reyes. Makikita na ang nangingibabaw na tauhan ay yaong may malaking ginampanan sa pagkakakilanlan ng lugar na pinagmulan ng kwentong bayan. Ang mga tauhan ay naging susi upang magkaroon ng hiwaga at kasaysayan sa pamamagitan ng pagkukwento ng bawat lugar. Ang mga mga ito ay tahasang umaayon sa artikulo ni Wan (2021) na pinamagatang Our folktales: The all-time favorite folktales of Asia na ang mga tauhan sa isang kwentong bayan o mitolohiya ay may malaking ambag sa pagbubuo ng paniniwala at kaugalian sa isang lugar o pamayanan. Ang mga katangian ng isang tauhan ay siyang pinagbabatayang kredibilidad para sa pananalig ng mga mamamayan sa isang tiyak ng pook.

**II. Ang Tagpuan sa mga Kwentong Bayan ng Ikalawang Distrito ng Bohol**

Ang mga kwentong bayan ng iba't ibang lugar sa Bohol ay nagpapakita ng mga natatanging tagpuan at alamat. Sa Cangawa, Buenavista, dalawang bersyon ang umiiral: isa tungkol sa pinagmulan ng pangalan mula sa isang dayuhan at ang iba naman ay tungkol sa isang buwaya sa suba. Sa Dagohoy, Colonia ang pinagmulan ni Francisco Dagohoy na kilala sa kanyang pakikipaglaban. Sa Danao, Barangay Magtangtang ang tagpuan kung saan nag-aalis ng gamit si Dagohoy at ang kanyang grupo. Sa Inabanga, ang Makaban Cave ay sinasabing lagusan patungo sa mahiwagang bayan ng Makaban. Sa Sagbayan, ang Bongtod Angkan ay kilala sa kanyang kweba at mga supernatural na kwento. Sa San Isidro, Barangay Cansague Sur ang pinagmulan ng kwentong bayan tungkol kay Sta. Ana. Sa Pres. Carlos P. Garcia, ang Isla Lapinig ang tagpuan ng kwentong Subang Erong. Sa Ubay, ang Legend of Berudja ay naganap sa isang malawak na sakahan at pagpapastulan, na nagpapakita ng yaman at impluwensya ng pangunahing tauhan.Sa pangkalahatan, ang nangingibabaw na tagpuan sa mga kwentong bayan mula sa mga piling lungsod ay ang sumusunod: (a) sa Cangawa, Buenavista; (b) sa bayan ng Colonia na tinatawag

na ngayong Dagohoy; (c) sa Magtangtang, Danao; (d) sa bayan ng Inabanga; (e) sa bundok na matatagpuan sa Ubujan, Sagbayan, Bohol; (f) sa barangay Cansague Sur, San Isidro; (g) sa Subang Erong, Lapinig, Pres. CPG; at (h) sa bayan ng Ubay. Ipinahihiwatig lamang ng mga pagsusuring ito na ang mga nangingibabaw na tagpuan sa bawat kwentong bayan ay ang mga lugar na napanatili ang kasaysayan sa pamamagitan ng pagkukwento, na kahit pa dumaan ang maraming taon at nabago na ang kanilang uri ng pamumuhay, kabihasnan at kultura ay hindi pa rin burado sa isipan ng mga mamamayan ang mga pangyayari sa nakalipas.

Sang-ayon ang mga datos na nakalap sa pahayag ni Lee (2019), na kahit na nasa kasalukuyang panahon ay nananatiling buhay ang mga alamat kahit nagkakaiba-iba ito sa bawat lugar. Ibig lamang ipahiwatig nito na ang mga kwentong bayan ay magkakaiba sa bawat lugar. Nakasaad dito na ang lugar o tagpuan sa bawat salindilang kwento ay may malaking kontribusyon sa naratibo dahil dito umuusad ang mga pangyayari kabilang na rito ang historikal na kamalayan. Ang heyograpikal na anyo ng isang lugar, ang mga kasaysayang nangyari rito ay isang indikasyon sa kung ano ang nilalaman ng isang kwentong bayan sa lugar na ito.

## III. Ang mga Tema sa mga Kwentong Bayan ng Ikalawang Distrito ng Bohol

Ang pagsusuri sa mga kwentong bayan ng Bohol ay nagpapakita ng iba't ibang tema. Ang tema ng "Pinagmulan ng pangalan ng isang lugar" ay makikita sa kwento ng Cangawa, Buenavista, kung saan ang pangalan ay nagmula sa salitang "Ikang Guwa" at sa takot sa buwaya sa suba. Ang tema ng "Paniniwala sa supernatural" ay tampok sa kwentong "Dagon sa Hoyohoy" na umiikot sa mga kakaibang kakayahan ni Francisco Dagohoy. Sa kwentong "Magtangtang" mula sa Danao, ang tema ay "Pag-alala sa lugar at mga pangyayari" na nauugnay sa pagtatanggal ng gamit ni Dagohoy. Ang kwentong "Makaban Cave" sa Inabanga ay may temang "Ang mga gawain ng mga mistikong nilalang" na nagpapakita ng misteryosong buhay sa isang mahiwagang kweba. Sa Sagbayan, ang kwentong "Bongtod Angkan" ay may temang "Misteryo at supernatural na pangyayari" na naglalarawan ng mga kakaibang kaganapan sa isang kweba. Ang kwentong "Sta. Ana" sa San Isidro ay may temang "Pananalig sa mga santo at santa" na nagpapakita ng milagro ni Sta. Ana. Ang kwentong "Subang Erong" mula sa Pres. Carlos P. Garcia ay may temang "Pagkilala sa isang tao" na nagpapaliwanag kung paano pinangalanan ang lugar ayon kay Erong. Sa Ubay, ang kwentong "The Legend of Berudja" ay may temang "Paniniwala sa supernatural" na nagpapakita ng kakaibang lakas at kakayahan ng pangunahing tauhan.

Bilang paglalahat ay makikita ang sumusunod na tema: (1) Pinagmulan ng pangalan ng isang lugar; (2) Paniniwala sa supernatural; (3) Pag-alala sa lugar at mga pangyayari; (4) Ang mga gawain ng mga mistikong nilalang; (5) Misteryo at supernatural na pangyayari; (6) Pananalig sa mga santo at santa;

(7) Pagkilala sa isang tao; at (8) Paniniwala sa supernatural.

Ang mga nakalap na datos sang-ayon sa teorya ni Max Horkheimer na Critical Theory na nagsasabing maisasalaysay ang karanasan ng isang lipi ng tao na sumasalamin sa kasaysayan at bahagi ng buhay ng tao at ng mundo. Tinitingnan ang akda bilang produkto ng kamalayang panlipunan at kung paanong nahuhubog ang isang indibidwal. Ipinapakita rin ng teoryang ito na ang kasaysayan ay isang mahalagang bahagi sa isang indibidwal at sa buong sanlibutan (Delahoyde, 2018). Nangangahulugan itong ang tema o nilalaman ng isang kwento ay tahasang nakaangkla sa kung ano ang mga historikal na pangyayari o mga kaganapan sa isang tiyak na pook kagaya ng isinasaad sa mga kwento.

## IV. Ang mga Simbolismo sa mga Kwentong Bayan ng Ikalawang Distrito ng Bohol

Sa pagsusuring ginawa sa mga kwentong bayan ng Bohol, iba't ibang simbolismo ang natuklasan. Sa Cangawa, ang „buwaya" ay sumisimbolo sa kakulangan ng edukasyon at paliwanag sa mga misteryosong pagkawala ng mga tao, at ginagamit din itong panakot. Sa Dagon sa Hoyohoy, ang „dagon" ay simbolo ng supernatural na kapangyarihan ni Dagohoy, habang ang „hoyohoy" ay sumasagisag sa simoy ng hangin at ang kakayahan ni Dagohoy na tila lumilipad. Sa Magtangtang, ang mga sandata ni Dagohoy ay sumisimbolo sa tagumpay laban sa mga kaaway, at naging makabuluhan ang lugar sa kasaysayan ng Bohol. Sa Makaban Cave, ang kweba ay simbolo ng kabutihan ng mga supernatural na nilalang at mga liham na patunay sa kwento ng Macaban City. Sa Bongtod Angkan, ang kweba ay mahiwagang lagusan tungo sa ibang daigdig, at ang mga kagamitan ay simbolo ng tiwala ng mga engkanto sa mga tao. Sa San Isidro, ang imahe ni Sta. Ana ay sumisimbolo sa pagbukas ng pananampalataya ng mga tao at pagpapalakas ng kanilang debosyon sa Katolisismo. Sa Subang Erong, ang ilog ay simbolo ng pagkakaisa at pagpapahalaga sa kabutihan ni Erong, at naging mabisang lugar na matitirahan nang mapayapa. Sa The Legend of Berudja, ang anting-anting ay simbolo ng supernatural na kapangyarihan ni Berudja, habang ang mga pagkain ay sumisimbolo sa kanyang sekswalidad. Ang mga kwentong bayan ng Bohol ay nagpapakita ng mayamang kultura at kasaysayan, puno ng mga simbolismo at temang nagpapalalim ng pang-unawa sa mga nakaraan at paniniwala ng mga mamamayan.

Sa pangkahalahatan ay nangibabaw ang sumusunod na simbolismo: Buwaya, Dagon, Hoyohoy, Mga bagay, Kweba, Mga liham, Kweba, Mga kagamitan, Imahe ni Santa Ana, Ilog, Anting-anting at Pagkain. Ang analisis sa simbolismo at sang-ayon sa dyornal nina Saadat, Jahangir at Gupta (2020) na ang prutas ay may malaking impluwensya sa kanilang kultura at pamumuhay bilang mga katutubo. Isinasaad dito na na may mga bagay na ginagawang representasyon para sa pagpapaliwanag sa isang penomena kagaya na lamang ng mga simbolismong namataan sa bawat kwentong bayang sinuri.

## V. Ang mga Kulturang Pilipino na nangibabaw sa mga Kwentong Bayan ng Ikalawang Distrito ng Bohol

Ang kwentong bayan na Cangawa ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na paniniwala sa mga pamahiin. Likas sa mga Pilipino lalo na sa liblib na nayon ang pag-uugnay ng mga tiyak na pangyayari sa mga pamahiin. Dahil sa kakulangan ng edukasyon, naghahanap ang mga ninuno ng paliwanag sa mga bagay-bagay, kaya't ginawang panakot ang buwaya sa ilog upang magsilbing babala, dahilan ng pangalan ng lugar na may buwayang nakanga-nga. Sa Dagon sa Hoyohoy ng Dagohoy, Bohol, lumutang ang kultura ng bayanihan at katapangan. Si Francisco Dagohoy ay nakipaglaban sa mga Kastila upang madepensahan ang lugar, nagpapakita ng pagtulong at katapangan na likas sa mga Pilipino. Sa Magtangtang, lumutang ang pagmamahal sa pamilya at determinasyon. Si Dagohoy ay naghiganti para sa kanyang kapatid, at ipinakita ang determinasyon sa pangangalap ng ginto. Sa kwentong bayang Makaban Cave, makikita ang palabra de honor, paniniwala sa supernatural, at pagsasaya. Ang mga tao ay walang isang salita at naniniwala sa mga engkanto. Ang mga supernatural na nilalang ay mahilig din sa kasiyahan. Sa Bongtod Angkan, lumutang ang kultura ng pagtutulungan sa pagpapahiram ng mga kagamitan ni Santa Angkan, ngunit naging mapagsamantala ang mga tao. Sa Sta. Ana, ipinakita ang pananalig sa mga santo at santa, nagpapakita ng relihiyosong kultura ng mga Pilipino. Sa Subang Erong, makikita ang pagmamahal sa kalikasan, na pinoprotektahan bilang pangunahing pinagkukunan ng makakain. Sa The Legend of Berudja, lumutang ang amor propio at utang na loob. Si Berudja ay may kumpiyansa sa sarili at nagpapakita ng pag-aalala sa kanyang mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pagkain. Ang mga Pilipino ay likas na nagtatanaw ng utang na loob sa mga may magagandang kalooban, na nagpapakita ng kabutihan ng karma.

## VI. Ang mga Pagpapahalagang Moral na nangibabaw sa mga Kwentong Bayan ng Ikalawang Distrito ng Bohol

Ang kwentong bayan na Cangawa sa Buenavista, Bohol ay nagpapakita ng kulturang Pilipino na personal na pagmamalasakit sa kapwa at paniniwala sa pamahiin. Sa kwentong ito, ipinakikita na likas sa mga Pilipino ang pag-uugnay ng mga pangyayari sa mga pamahiin tulad ng pagbababala sa mga buwaya sa ilog na maaaring magdulot ng panganib. Sa Dagon sa Hoyohoy ng Dagohoy, Bohol, nangingibabaw ang mga halagang pagtitiwala at katapangan. Si Francisco Dagohoy ay ipinakita bilang tagapagtanggol ng lugar laban sa mga dayuhan, na nagpapakita ng katapangan at tiwala ng mga Pilipino sa kanya. Sa Magtangtang, ipinakita ang personal na pagtingin kay Dagohoy bilang lider at tagapagtanggol ng komunidad. Lumabas dito ang pagmamahal at paggalang ng mga tao sa kanya, pati na ang kanilang pagtangkilik sa kanyang mga prinsipyo. Sa kwentong bayan ng Makaban Cave, ipinakita ang moral na pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagpapahiram ng mga kagamitan

ng mga engkanto sa mga tao. Ang ganitong kaugalian ay nagpapatunay ng kahalagahan ng pagmamalasakit sa kapwa, kahit sa pagitan ng mga tao at mga supernatural na nilalang. Sa Bongtod Angkan, lumabas ang moral na pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagpapahiram ng mga kagamitan ni Santa Angkan sa mga tao. Bagama't nagkaroon ng pang-aabuso, ang pagtutulungan at pagmamalasakit ay nangingibabaw sa kwentong ito. Sa kwentong bayan ng Sta. Ana, ipinakita ang pagpapahalaga sa pagtitiwala sa mga santo at santa, na nagpapakita ng relihiyosong kultura ng mga Pilipino at ang kanilang matibay na pananampalataya. Sa Subang Erong, ang personal na pagpapahalaga kay Erong ay naging bahagi ng kultura ng mga tao sa Lapinig, na nagpapakita ng kanilang pagtingin sa kabutihan at kahalagahan ng isang tao sa kanilang komunidad. Sa The Legend of Berudja, lumabas ang mga halagang sariling pagpapahalaga at pagmamalasakit sa kapwa. Si Berudja ay nagpakita ng pagtulong at pagmamalasakit sa kanyang mga kababayan, na nagpapakita ng kanyang liderato at pagmamahal sa kanyang komunidad.

Sa mga kwentong ito, mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino ang personal na pagmamalasakit, pagtitiwala, relihiyosidad, at pagkakaroon ng mataas na pagtingin sa sarili at sa kapwa. Ang mga kuwento ng bayan ay patuloy na nagpapakita ng mga halaga at paniniwala na nagbibigay-buhay sa kultura at pagkakakilanlan ng mga Pilipino.

## VII. Makabuluhang Pagkakaugnay sa Pagitan ng mga Kulturang Pilipino at Pagpapahalagang Moral ng mga Kwentong Bayan sa mga Piling Lungsod ng Ikalawang Distrito ng Bohol

Makikita na sa kwentong bayan ng Cangawa ay may kulturang Pilipino na Paniniwala sa pamahiin balyus na Personal at Pagmamalasakit sa iba. Ang mga ito ay may makabuluhang ugnayan dahil nag-uugat ang mga pinaniniwalaan ng mga tao o pamayanan sa mga babala. Sa kwentong  Nagbibigay ng mga babala ang isang tao kung ito ay may malasakit sa kanyang kapwa na makikita sa kwentong bayang ito.

Kasunod ay ang kwentong bayang Dagon sa Hoyohoy na may kulturang Pilipino na Bayanihan at Katapangan at mayroong pagpapahalagang moral na Pagtitiwala at Pagkakaroon ng lakas ng loob. Ang mga ito ay may makabuluhang kaugnayan sa kadahilanang ang pagkakaroon ng lakas ng loob ay magbubunga ng katapangan na siyang ipinamalas ni Dagohoy. Ang bayanihan naman ay ang bunga ng inisyal na pagkakaroon ng tiwala sa isang tao. ang mga tao ay nagkakaroon ng bayanihan sa pag-aalsa dahil may tiwala sila sa kanilang pinuno na si Dagohoy.

Lumutang naman sa kwentong bayang Magtangtang ang kulturang Pilipino na Pagmamahal sa pamilya at Determinasyon. Nakita rin sa kwento ang pagpapahalagang 'personal'. Ang mga ito ay may makabuluhang kaugnayan sa isa't isa dahil nagsisimula sa balyus na 'personal' o pagmamahal at mataas na pagtingin sa sarili na magbubunga ng iba pang kultura kagaya ng pagmamahal sa kapwa at determinasyon. Kung ang isang tao ay may mataas

na pagtingin sa kanyang sarili at inirerespeto niya ito, magbubunga ito ng magandang ugnayan sa iba pang indibidwal na nakapaligid sa kanya.

Sa kwentong Macaban Cave, nangibabaw ang kulturang Palabra de Honor, Paniniwala sa mga sobrenatural at Pagsasaya. Samantala, nangibabaw naman sa pagpapahalagang moral ang Pagmamalasakit sa iba. Magkaugnay ang mga ito dahil ang pinaka-esensyal na balyus na likas na nasa isang indibidwal ang ang pagkakaroon ng malasakit sa iba. Kung ang isang indibidwal ay may ganitong balyus, pahahalagahan din niya ang mga salitang babanggitin niya at tutuparin ang salitang ito.

Nakita naman sa kwentong bayan Bongtod Angkan ang kulturang Pagtutulungan at moral na pagpapahalagang Pagmamalasakit sa iba. Nagsisimula sa pagkakaroon ng malasakit ang mga kabutihang maaaring maidulot sa iba. Kung ang isang tao ay may malasakit, ito ay may kusa na tumulong sa iba dahil sa balyus na nasa kanya. Sa kwentong ito, Si Santa Angkan ay may kusang tumulong sa mga pangangailangan ng mga tao dahil siya ay may balyus sa pagmamalasakit.

Ang kwentong bayang Sta. Ana ng San Isidro ay may kultura na Paniniwala sa mga santo at santa at moral na Pagtitiwala. Makikita sa kwento ang pananampalataya ng mga tao kay Sta. Ana kahit na hindi nila ito nakikita. Nag-ugat ang pananampalatayang ito sa pagtitiwala ng mga tao na ang paniniwala nila sa mga santo at santa ay makatutulong sa mga suliranin nila sa buhay.

Kasunod ay ang kwentong bayang Subang Erong na may kulturang Pilipino na Pagmamahal sa kalikasan at balyus na Personal. Sinasabing ang kwentong ito ay napatutungkol kay Erong na may pag-ibig para sa kalikasan dahil sa kanyang mga ikinikilos. Siya ay nakakuha ng respeto mula sa ibang tao dahil kanyang likas na kabutihan. Ang kabutihang ito ay nagbunga ng isang kultura o kaugalian na pagmamahal at pagpapahalaga sa kalikasang biyaya ng Diyos.

Ang panghuli ay ang kwentong The Legend of Berudja ng Ubay, Bohol. Ang kwentong ito ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na Amor Propio at Utang na Loob at may balyus na Sariling pagpapahalaga at Pagmamalasakit sa iba. Si Berudja ay kilala na mataas ang kumpyansa sa kanyang sarili at inaalagaan niya ito sa pamamagitan ng mabuting pag-iisip o mindset. Ipinakita rin ni Berudja na ang kasarian ay hindi hadlang para makuha ang respeto at pagtingin ng nakararami, na kung ano ang magagawa ng isang lalaki ay kaya rin ng babae. Kung kaya't ang lahat ng magagawa ng isang indibidwal mabuti man o masama ay nagsisimula sa pagtingin sa sarili at pag-iisip.

## KONGKLUSYON

1. Ginagamit ang mga tauhang may magagandang estado sa lipunan bilang batayan sa ugaling nararapat na ipakita ng isang tao. Ang espesyal na kakayahan na taglay ng isang tauhan ay pinagkukuhanan

ng inspirasyon sa paggawa ng kabutihan ng mga tao.

2. Ang mga tagpuan o lugar ng pinangyarihan ng isang historikal na kaganapan ay may malaking kontribusyon sa pagkakabuo ng isang salindilang kwento ng mga Boholano. Sa tagpuan o lugar na ginanapan ng kasaysayan umiikot ang mga tagpo ng isang kwento.
3. Ang kwentong bayan din ay nagdiriwang ng iba't ibang tema na naglalayong mas maintindihan at bigyang pangkahulugan ang mga pangyayari sa lugar. Bawat lugar ay may uri ng tema na nabubuo sa kani-kanilang mga kwento na siyang nagpapa-espesyal sa bawat salindilang naratibo.
4. Namataan din ang mga simbolismo sa bawat kwentong bayan Pilipino na siyang nagpapahiwatig sa kaugalian at paniniwala na mayroon ang mga Boholano. Ito din ang bumubuo sa pagkabata ng mga Pilipino at maging ang kanilang kultural na pagkakakilanlan.
5. Ang kwentong bayan ay ang kulturang ibinahagi ng isang partikular na grupo ng mga tao; na sumasaklaw ng mga tradisyon, kultura, at paniniwala ng isang lugar. Ito din ang mga kwentong nagmodelo sa pag-uugali at moral na kamalayan ng mga mamamayan sa bohol na pinamana ng kanilang mga ninuno. Ito ang naging gabay sa uri ng kanilang pamumuhay at paniniwala na hanggang ngayon ay kanila paring ginagamit.
6. Ang kultural na kamalayan ay nakita at napagyaman din sa mga kwentong bayan ng Bohol. Sa paglipas ng panahon, ang mga kwentong bayan ay ang humubog sa moral at kultural na kamalayan sa kasaysayan at paniniwala ng mga Boholano. Batay sa datos na nakalap ang mga kwentong bayan ay ang nagpaunlad sa mga karunungan ng mga Boholano, upang maunawaan ang kanilang kasaysayan at kultura.
7. Ang moral na aspekto naman ay nahubog sa mga kwentong bayan ng Bohol. Ang mga ito ay maaaring gawing lunsaran ng pagkatuto sa balyus dahil kinakitaan ang mga ito ng samu't saring pagpapahalaga na kinakailangan para sa holistikong balyus ng isang indibidwal.

## REKOMENDASYON

1. Ang kwentong bayan ay naging pundasyon ng paniniwala at kultura ng mga Boholano. Upang maipagyaman at maipasa pa sa susunod na mga henerasyon ang mga kwentong bayan, minumungkahi ng mananaliksik na isali ito sa kurikulum sa mga paaralan sa ikalawang distrito ng Bohol.
2. Nererekomenda din ng mananaliksik na hikayatin ang lokal na pamahalaan na isali sa pagtuturo ang mga kwentong bayan dahil ito ang humubog sa paniniwala at kultura ng lokal na pamayanan. Makakatulong din ito upang mapreserba ang mga kwento na minana pa sa mga ninuno.

3. Isama ang kwentong bayan sa kurikulum sa elementarya at sekondaryang paaralan sa ikalawang distrito ng Bohol sa asignaturang Filipino, upang mabuhay ang mga pinamana ng mga ninuno, sapagkat marami sa mga kabataan ang hindi alam ang kasaysayan ng kanilang komunidad.
4. Ang pag-aaral na ito ay gawing basehan sa pag-implementa ng mga kwentong bayan sa mga kurikulum sa paaralan sa ikalawang distrito ng Bohol.
5. Ang mga nakalap na datos ng pag-aaral na ito ay makakatulong sa mga magaaral at lokal na pamahalaan na mapalawak ang pag-implementa ng kwentong bayan sa kurikulum.
6. Para sa mga susunod na mananaliksik, nirerekomenda ng awtor na suriin ang iba't ibang dimensyon ng kwento. Gayundin ang pagsasagawa ng pananaliksik sa ibang kwentong bayan sa iba't ibang distrito ng Bohol.
7. Inirerekomenda ang paggamit sa nabuong mungkahing disenyo ng aralin sa pananaliksik na ito para sa pagtuturo ng Panitikan at Kulturang Pilipino.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Delahoyde, M. (2018, July 20). Critical theory: Introduction. Michael Delahoyde. Retrieved from: https://bit.ly/2ZG08xv (accessed last 30 November 2021).

Dundes, A., & Simon, B. J. (2007). Utah State University Digitalcommons@usu. Retrieved from: https://bit.ly/3dT1tED (accessed last 15 December 2021).

Foley, J. Miles (2019, January 6). Oral Tradition. Encyclopedia Britannica. Retrieved from: https://bit.ly/3rswIP1 (accessed last 17 November 2021).

Ismail, I. (2019, July 30). The impact of interactive reading using local folktales stories in supporting students' vocabulary achievement in Indonesian EFL learners. MAJESTY JOURNAL. Retrieved from: https://ummaspul.e-journal.id/majesty/article/view/119 (accessed last 13 December 2021).

Lee, L. S. S. (2019). The promulgation of urban legends in Hong Kong: Li's field as a case study. UG dissertation, Lingnan University, Hong Kong.

Santos, A. L., & Tayag, D. A. (2011). Pagpapahalaga at Pagpapakahulugan sa Panitikan. Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika MSU- Iligan Institute of Technology Iligan City.

Simon, S. B., Howe, L. W., & Kirschenbaum, H. (1984). Values Clarification: A handbook of practical strategies for teachers and students. Available at: http://ci.nii.ac.jp/ncid/BA17041469

Wan, R. (2021). Our Folktales: The All-Time Favourite Folktales of Asia. WS Education. ISBN 978-981-122-689-2